

22. Ama, dalangin namin ang iyong proteksiyon at kagalingan sa Ethiopia at sa lahat niy ang mga grupo ng tao. Nawa ay makapamuhay sila ng mapayapa at may pagkakaisa . Nawa ay hindi sila maapektuhan ng anumang impluwensya galing sa labas ng bansa na nagnanais na sila ay magkawatakwatak. (Jer. 33:6)

23. Dalangin namin, Panginoon, ang kasalukuyang espirituwal na gawain sa mga piitan sa Finnish. Palakasin at bigyan Mo ng kakayahan ang mga lingkod Mo na gumagawa para sa mga babaeng bilanggo, at ang pagibig mo nawa ay makaabot sa mga puso ng mga bilanggo na tinatapos pa din ang kanilang sintensiya. (Awit 103:8)

24. O Diyos, aliwin mo nawa ang mga mananampalatayang Indonesian na inuusig ng kanilang mga pamilya dahil sa kanilang pananampalataya. Ang iba pa nga ay nahiralay sa kanilang mga anak. Ngunit walang anumang makapaghihiwalay sa kanila sa iyong pag-ibig. (Roma 8:38- 39)

25. O Diyos, nagpapasalamat kami dahil may kalayaan ng relihiyon sa Europe. Nawa kami na nakikinabang sa kalayaang ito ay maging mapagpasalamat at alalahanin din ang mga inuusig na mga kapatiran na hindi nakararanas nito. (Roma 12:15)

26. Panginoon, dalangin namin ang mga kababaihan sa Liberia na nabilanggo dahil sa mga krimeng hindi nila ginawa. Nawa ay mapalaya sila. (Mga Awit 146:7)

27. O Diyos ng kahabagan, dalangin namin ang rehabilitasyon para sa mga nabilanggong kababaihan sa India. Ikaw lamang ang makapagdudulot ng kagalingan at pagpapanumbalik sa kanila habang kanilang hinaharap ang estigma ng pagiging bilanggo. (Mga Awit 68:6)

28. Ama naming nasa langit, pagpalain mo nawa ang mga gawain sa kulungan sa Romania ng Rock of Ages. Habang ang iyong Salita ay naibabahagi, nawa ay maraming mga bilanggo ang lumapit sa Diyos at mapalaya. (1 Pedro 3:18-19)

29. Mahal naming Diyos, bigyan Mo ng lakas at kakayahan ang mga ministrong nagbabahagi ng ebanghelyo ni Hesus sa mga bilanggo sa Japan. Nawa ang mga bilanggo ay magkaroon ng pananampalataya at makasumpong ng kalayaan kay Kristo. (Gal. 5:1a)

30. Ama, tulungan mo kami na mapatawad ang mga umuusig sa iyong mga lingkod. "Ngunit ito naman ang sinasabi ko, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo" (Matt. 5:44).

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2021. 11.

PAG -UUSIG/PAGKABILANGGO

Sa buwang ito, ipapanalangin natin ang mga pinag-uusig dahil sa kanilang pananampalataya at sila na mga nakakulong. Ang pananalangin para sa kanila ay isang misyon na ipinagkatiwala sa ating ng Diyos. Walang sinuman sa mundong ito na hindi kayang baguhin ng Diyos. Sama-sama tayong manalangin na nawa ay maramdaman nila ang kalayaan at kapayapaan na hindi kayang alamin at ibigay ng mundong ito. "Binibigyan Niya ng katarungan ang mga inaapi." (Mga Awit 146:7)

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Amang nasa langit, dalangin namin ang iyong pagsama sa mga mangangaral na nakakulong sa Hong Kong. Bigyan mo nawa sila ng kalakasan at tapang na makapagtiis sa gitna ng panganib. Tulungan mo po silang magtiwala sa iyo at hindi iwan ang kanilang pananampalataya. (Pahayag 12:11)
2. Panginoon, palakasin mo nawa ang mga Kristiyanong mag-aaral sa Sweden kung saan 50% sa kanila ay inaalipusta sa eskuwelahan dahil sa kanilang pananampalataya. Nawa ay maging patas ang pagtrato ng mga guro sa kanilang mga estudyante upang ang mga paaralan ay maging ligtas na lugar para sa pagkatuto. (Mateo. 5:10)
3. Ama, sa ilang bahagi ng Indonesia ay may mga Kristiyano na pinag-uusig at hindi pinapayagang magtipon sa simbahan. Nawa ay maging matatag sila sa pamamagitan ng iyong kapangyarihan. (Gal. 5:1)
4. Ama, tulungan mo nawa ang mga Kristiyano sa Denmark na manangan sa Salita ng Diyos bagamat ang kanilang biblikal na paniniwala ay taliwas sa umiiral na opinyon ng publiko at itinuturing na kalabisan ng marami. (Mga Gawa 2:42)
5. O Diyos, salamat po na ang mga Kristiyano sa Paraguay ay dumadalaw sa bilangguan upang basahan ng Salita ng Diyos at awitan ang mga bilanggo. Buksan mo nawa ang mga isipan ng mga bilanggong ito upang kanilang maunawaan ang iyong Salita at magtiwala sa iyo. (Lukas 24:45)
6. Panginoon, dalangin namin ang mga Kristianong inuusig ng kanilang mga pamilya sa Nepal dahil sa kanilang pananampalataya. Protektahan mo rin nawa ang mga iglesya at ang mga kapatiran na nasisi sa paglaganap ng coronavirus. (Mateo 10:22)
7. Panginoon, dalangin namin ang mga refugee sa Germany, marami sa kanila ay namumuhay sa napakahirap na kalagayan. Nawa'y matanggap sila sa lipunan bilang kapantay na mamamayan at makatanggap sila ng proteksiyon at suporta mula sa komunidad ng mga Kristiyanong German. (Lev. 19:34)

8. O Diyos, marami ngayon ang mga nagugutom at nangangailangan sa Vietnam. Hipuin mo nawa ang puso ng iyong mga anak upang matulungan sila. (Mateo 25:35)

9. Ang Portugal ang isa sa may mga napakalaking porsyento ng mga kababaihan na nasa piitan sa Europe. Panginoon, nawa ay makilala ng mga kababaihang ito si Hesus sa pamamagitan ng mga gawain sa kulungan at makapakinig sila sa mga programa ng Women of Hope. (2 Cor. 3:17)

10. Panginoon, protektahan mo nawa ang mga kababaihan at mga batang babae sa Liberia dahil kapag namatay na ang kanilang asawa, sila ay sapilitang ibibigay sa kapatid ng kanilang asawang namatay o palalayasin na walang anumang dala (Santiago 1:27)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: www.twrphilippines.com

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

11. Ama, palakasin mo nawa ang mga Kristiyanong ebanghelikal sa Serbia dahil minsan ay hinahamak sila ng mga tradisyunal na simbahan. Alalayan mo sila ng iyong kanang kamay, aliwin mo sila sa kanilang mga paghihirap at magdulot ka nawa ng pagkakaisa sa iyong iglesya. (Isa. 41:10)

12. Ama, nawa ay maranasan ng mga bilanggo sa Philippines ang iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng mga gawain ng pagsamba sa loob ng kulungan at nawa ay makilala ka nila bilang kanilang Tagapagligtas at Panginoon. Dalangin din namin ang kanilang kaligtasan at proteksiyon mula sa mga sakit dulot ng masikip na kulungan. (Roma 8:1)

13. Ama, dalangin namin ang Adivasis, isang mahirap na minorya sa India. Madalas sila ay inuusig at napagbibintangan, lalo na kung sila ay mga Kristiyano. (Mga Awit 82:3)

14. O Diyos, magbukas ka nawa ng daan para sa mas marami pang mga chaplain na maging handa sa pagmiministryo sa mga bilanggo sa France. Nawa ang mga bilanggo ay mapalaya mula sa kasalanan sa pamamagitan ng iyong Salita. (Isa. 61:1)

15. Panginoon, mahirap na maging Kristiyano para sa mga nasa North Caucasus. Marami sa mga mananampalataya ay inabandona at itinakwil ng sarili nilang pamilya. Tulungan mo nawa ang mga mananampalatayang ito na makatagpo ng iba na maaari nilang ituring bilang bago nilang pamilya. (Marcos 13:13)

16. Ama, idinadalangin po namin ang mga bilanggo sa Bonaire na malaman nila na mahal na mahal Mo sila. Nawa ito ay maging daan upang hangarin nila na tanggapin si Kristo. (Efeso 2:4 -5)

17. Makapangyarihang Panginoon, palakasin mo nawa ang mga kabataan sa Romania upang maging matatag sila at maibahagi nila ang kanilang pananampalataya kahit pa sila'y itakwil ng kanilang mga kaibigan. (1 Pedro 3:15)

18. Panginoon, pinupuri ka namin dahil ang mga Kristiyanong bilanggo sa South Korea ay ibinabahagi si Kristo sa loob ng piitan. Bagama't sila'y nakakulong at nahawalay sa kanilang mga pamilya at kaibigan, nawa'y maranasan Ka pa rin nila, o Diyos, dahil Ika'y nga ay laging sumasakanila. (Mga Awit 69:33)

19. Ama, nawa ang maliit na populasyon ng mga Kristiyano sa Japan ay hindi makaramdam na sila'y naisasantabi at nag-iisa. Sa halip ay buong tapang na magpatotoo para kay Kristo na walang panghihinawa. (2 Cor. 4:8 -9)

20. Ama naming nasa langit, dalangin namin ang gawain sa Estremera Prison sa Spain. Nawa ang mga kababaihan at kalalakihan sa loob ng piitan ay makakilala kay Hesu Kristo bilang kanilang Tagapagligtas. (John 14:6)

21. Mahal naming Ama, ipamalalas mo nawa ang iyong magandang regal o ng kaligtasan sa bawat bilanggo na dumadalo sa mga pagtitipon ng TWR Women of Hope sa piitan ng Buen Pastor sa Paraguay. (Mga Gawa 4:12)